Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

**Office of the Schools Division Superintendent**

JUN 18 2025

**MEMORANDUM**
**No. 287, s.2025**

**STANDARD PROGRAM AND SCRIPT FOR FLAG DISPOSAL CEREMONY: "HULING PARANGAL SA WATAWAT"**

To: OIC-Assistant Schools Division Superintendent
Chief Education Supervisor, Curriculum Implementation Division
OIC-Chief Education Supervisor, School Governance and Operations Division
Public Elementary and Secondary School Principals / OICs
All Others Concerned

1. Attached is Boy Scout of the Philippines National Office Memorandum No. 53, s. 2025, dated May 28, 2025, on the above-captioned title, the contents of which are self-explanatory, for the information and guidance of all concerned

2. Attached with this Memorandum is the script to be used during the Flag Disposal Ceremony of the Boy Scouts of the Philippines, for reference.

3. Immediate and wide dissemination of this Memorandum is desired.

**VIOLETA M. GONZALES**
Asst. Schools Division Superintendent
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

Encl.: As stated
References: As stated
To be indicated in the Perpetual Index
Under the following subjects:

SAFETY EDUCATION COMMUNICATIONS

ELK/DM/STANDARD PROGRAM AND SCRIPT FOR FLAG DISPOSAL CEREMONY:" HULING PARANGAL SA WATAWAT"
287 /June 16, 2025

287

NUM-2025-287

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave, Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
8805-9935, 8805-9940
sdo.muntinlupa@gmail.com
deped-muntinlupa.com

# BOY SCOUTS OF THE PHILIPPINES

181 Natividad Almeda Lopez St. Ermita, Manila
(632) 8527 8317 to 19
bsp@scouts.gov.ph
www.scouts.gov.ph


Received by: IRIS M. RAYOS
SDO-Muntinlupa (Records Unit)
6/13/25 9:13am

"Laging Handa"

28 May 2025

BOY SCOUTS OF THE PHILIPPINES OFFICIAL RELEASE CENTRAL RECORDS UNIT ERMITA, MANILA

**NATIONAL OFFICE MEMORANDUM**
No. 53 **series of 2025**

| | | |
|---|---|---|
| **TO** | **:** | **REGIONAL YOUTH DEVELOPMENT OFFICERS**<br>**COUNCIL SCOUT EXECUTIVES AND OFFICERS-IN-CHARGE**<br>**ALL CONCERNED** |
| **SUBJECT** | **:** | **STANDARD PROGRAM AND SCRIPT FOR FLAG DISPOSAL CEREMONY: "HULING PARANGAL SA WATAWAT"** |

1. Section 14 of Republic Act (RA) No. 8491, otherwise known as the Flag and Heraldic Code of the Philippines, provides that "a flag worn out through wear and tear, shall not be thrown away. It shall be solemnly burned to avoid misuse or desecration."

2. In order to standardize the conduct of the ceremony in accordance with existing laws, rules and regulations, the attached **Standard Program and Script for Flag Disposal Ceremony: "Huling Parangal sa Watawat"** is prescribed for use of all Regions, Local Councils and Sponsoring Institutions.

3. Local Councils are encouraged to conduct at least one Flag Disposal Ceremonies per year, preferably within the National Flag Days from May 28 to June 12 of each year. Coordination with schools, local government units, national government agencies and other civic organizations are highly encouraged to ensure maximum participation and promotion of the proper disposal procedure for the National Flag.

4. All previous issuances which are inconsistent herewith are hereby repealed, rescinded or modified accordingly.

5. All Regional Youth Development Officers are directed to disseminate this information within their respective jurisdiction.

6. For information, guidance and compliance.

**KIM ROBERT C. DE LEON**
Director IV (Secretary General)

BOY SCOUTS OF THE PHILIPPINES
181 Natividad Almeda Lopez St. Ermita, Manila
(632) 8527 8317 to 19
bsp@scouts.gov.ph
www.scouts.gov.ph

"Laging Handa"

**ANG HULING PARANGAL SA WATAWAT NG PILIPINAS**
Flag Disposal Ceremony

**PAGBABABA NG WATAWAT:**

Tagapagpadaloy: Magandang hapon po sa inyong lahat. Masasaksihan po natin ngayon ang "Huling Parangal sa Watawat ng Pilipinas" bilang pagpupugay sa bandilang sumasagisag sa ating malayang bansa.

Ang luma, kupas at punit na watawat na hinayaang magwagayway sa kanyang tagdan sa buong maghapon upang sa kahuli-hulihang pagkakataon ay muli niyang maipamalas sa lahat ang kanyang walang kasing-halaga at di-mapapantayang pagkatawan sa ating makasaysayang kasarinlan.

Kasabay ng pagbaba ng pambansang watawat sa kanyang tagdan, sabay-sabay nating awitin ang Pambansang Awit ng Pilipinas. Pugay kamay na!

*[Tutugtog ang Lupang Hinirang habang ibinababa ang watawat na susunugin]*

Tagapagpadaloy: Handa, harap!

*[Babasahin ang sumusunod na talata habang itinutupi ang watawat alinsunod sa alituntunin]*

Tagapagpadaloy: Isinasaad ng Pambansang Batas sa Watawat o Republic Act 8491 ang "Flag and Heraldic Code of the Philippines" na ang mga bandilang niluma na ng panahon o nasira na sa paninilbihan ay hindi dapat itapon na lamang sa kung saan. Sa halip, ito ay mapitagang susunugin upang maiwasan ang hindi karapat-dapat na paggamit dito bilang basahan, laruan, pagtatapon sa basurahan, o ang pagtatago hanggang sa tuluyang masira.

Nararapat na ito ay palitan agad sapagkat ito ang kumakatawan sa atin. Dahil ito ang ating simbolo, nararapat na ipagmalaki natin ito at taas-noong iwagayway bilang sagisag ng ating dakilang bansa at malayang pamayanan. Ang watawat na ipinaglaban hanggang sa kamatayan ng ating mga ninuno ay huwag pababayaang yurakan ninuman. Panatilihin natin ang matingkad nitong kulay na simbolo ng ating mayamang kultura at kasaysayan.

*[Ipapasa ang naituping watawat sa Inang Bayan upang tanganan ito sa kanyang dibdib]*

**TULA:**

Tagapagpadaloy: Ang watawat ng Pilipinas ay sagisag ng ating pagkakaisa. Nakapaloob dito ang kabuuan ng lahat nating hangarin maging ang ating mga pagpupunyagi at pakikipaglaban upang matamo at mapanatili ang ating liwanag. Sa bahaging ito ng ating palatuntunan, ay ipadarama pang lalo sa atin sa pamamagitan ng isang tula ang tunay na saloobin tungo sa ating bandila.

*[Bibigkasin ng isang batang Scout ang tulang "Ang Aking Bandila ni Cirio H. Panganiban]*

**ANG AKING BANDILA**
**(Cirio H. Panganiban)**

Palibhasa'y mutyang anak ng liwanag,
Ang Ina kong lupa'y tampulan ng dagat,
Sa dulong Silanga'y pulo ng pangarap,
Binasag ng alon kaya sumambulat.

Subali't gayon man, sa kapuluan ko'y Diyos ang may hawak,
Buo ang damdamin, isa ang diwa't isa ang watawat.

Ang aking bandila ay may tatlong kulay:
May kulay ng dugo, pagka't katapangan
May kulay ng langit, pagka't kabanalan
May kulay ng bulak, pagka't kalinisan.

Subali't ang lalong maningning na hiyas sa kanyang dampulay
Ay ang magkakapatid na tatlong bituin at ang isang araw.

Ang bandilang ito nilamay sa dusa
Napigta sa luna ng maraming ina
Saka nang mayari, kamay ni Ibarra
Ang sa himagsika'y siyang nagdala.

Sinundan ni Elias at ang buong bayan,
At sila'y nagbangon ng unang paglaya at pagkakaisa.
Mahinang sandata't marupok na bisig,
Dahil sa Bandila'y nakapananaig.

Ang isang bayani o isang panitik,
Dahil sa Bandila'y may tula o bagwis.
Makata't bayani'y awit ng laya, hahanap ng langit,
Kung langit ay wala, tabak na ang lunas sa dusa't hinagpis.

Nang minsang ipagbawal ang aking bandila,
Siya'y hinagkan kong nanatak ang luha,
Wika ko sa akin, Ang naglahong tala,
Lalo pang maningning pagsilay ng lupa.

Ngayong siya'y muling iladlad sa tagdan at maging malaya,
Sandata't pag-ibig ang kanyang tanggulang hindi masisira.
Sa bayan at nayon, sa bundok at parang,
Sa himpapawirin at sa karagatan.
Ang aking bandila'y iwawagayway.
Sa tuwing umaga'y hahagkan ng araw.
At sa aking kuta ay hindi na muling maaagaw,
Pagka't magtatanggol pati na ang aking tahanang bangkay.

*[Iaabot ng Inang Bayan ang nakatuping watawat sa apat na batang Scout upang ilaladlad sa harap ng madla. Ang pagpapaliwanag ng simbolo at kahalagahan ng watawat ay maaaring basahin ng panauhin sa seremonya]*

**ANG SIMBOLO AT KAHALAGAHAN NG WATAWAT NG PILIPINAS:**
Ang ating watawat ang sagisag ng ating bansa.
Ito ang simbolo ng ating Inang Bayan... Ang Republika ng Pilipinas.

Ito ang tatak ng pagsusumikap ng ating mga bayani upang magkaroon ng kalayaan ang bawat Pilipino. Ang ating watawat ang sagisag ng tunay na kalayaan upang tayo ay maging maligaya at tamasahin natin ang karapatang pantao.

Ang ating watawat ang kaluluwa ng ating bansa at nagsasaad ng ating lubos na pananampalataya sa Diyos at dalisay na pag-unlad ng bawat mamamayang Pilipino.

Ang watawat ang sagisag ng ating pamayanan. Kinakatawan nito ang ating nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Inilalarawan din nito ang kayamanan ng ating kasaysayan, kultura, at tradisyon na minana pa natin sa ating mga ninuno. Ang pag-asa, pagmamahal, pagkakaisa, at kagitingan ng ating mga bayani na marangal na nagbuwis ng sariling buhay ay napapaloob dito. Ang watawat na ito ay sumasagisag sa iyo, sa akin, at sa ating lahat. Ang watawat na ito ay kaisa natin.

Ang sinumang naglilingkod sa watawat na ito ay kailangang may matatag na paninindigang sapagkat ito ay simbolo ng ating lubos na kasarinlan at kalayaan. Alam natin na ang kalayaang ito ay paulit-ulit na susubukang yurakan at lupigin ng mga taong nagnanais na tayo ay alipinin.

Subalit gaano man katibay ang ating paninindigan at pagpapahalaga sa watawat na ito katulad ng ating katawang-lupa ay may hangganan din ang kanyang tibay at kaanyuan. Ang kulay nito ay kukupas sa pagdaraan ng panahon at ang mga sinulid na humabi nito ay magiging marupok hanggang sa ito ay magpunit-punit.

Magkagayon man, magka gula-gulanit man ito at maging abo ay dapat nating pangalagaan at pagyamanin ang kahalagahan nito sa bawat Pilipino at panatilihing matingkad at nakaukit sa ating mga puso't damdamin habang tayo ay nabubuhay.

**PANUNUMPA NG KATAPATAN SA WATAWAT NG PILIPINAS:**
Tagapagtaguyod: Hinihiling po na magsitayo ang lahat upang maibigay natin ang tanda ng taos-pusong pagmamahal at ang karampatang paggalang sa ating watawat sa kanyang huling pahimakas.

*[Pangungunahan ng isang batang Scout ang panunumpa]*

Scout: Kamay sa ayos ng panunumpa na!

"Ako ay Pilipino, buong katapatang nanunumpa sa Watawat ng Pilipinas at sa bansang kanyang sinasagisag, na may dangal, katarungan, at kalayaan, na ipinakikilos ng sambayanang Maka-Diyos, Maka-Tao, Makakalikasan, at Maka-Bansa."

Scout: Baba kamay na!

**PAGSUSULIT SA WATAWAT:**

*[Babasahin ang mga susunod na pangungusap habang ilalagay ng mga batang Scout ang watawat sa sunugan. Maaaring magpasa pa ng karagdagang mga lumang watawat na dapat iabot ng Inang Bayan sa apat na batang Scout. Bubuksan ang watawat mula sa pagkakatiklop bago ilagay sa sunugan]*

Tagapagpadaloy: Masakit sa kalooban at buong kalungkutang tinatanggap ng Inang Bayan ang simbolo ng ating bansa. Batid niya na sa ilang sandal na lamang, ito ay maglalaho na sa kanyang paningin at di na masisilayan pang muli. Halos malagutan ng hininga ang Inang Bayan at luhaang inilagay sa apoy upang sunugin ang ating bandila.

Pugay Kamay Na!

*[Maaaring magpatugtog ng makabayang awitin habang sinusunog ang/mga watawat. Iminumungkahi na hindi lalampas sa limang lumang watawat ang susunugin sa isang seremonya upang magkaroon ng sapat na panahon hanggang sa paglilibing.]*

**PAGLILIBING NG WATAWAT**

Tagapagpadaloy: Ang abo ng ating watawat, tulad ng labi ng isang namatay, matapos itong sunugin ay inilalagay sa isang urna at mapitagang ililibing sa isang lugar na hindi matatapakan ng tao, tulad din ng ating libingan.

*[Matapos tuluyang masunog ang mga lumang watawat, ang abo ay hahanguin at ililipat sa isang urna]*

Tagapagpadaloy: Inaanyayahan po ang lahat sa paghahatid ng labi ng ating watawat sa kanyang huling hantungan.

*[Dadalhin ang urna ng watawat sa takdang libingan at susundan ng prusisyon na pangungunahan ng Inang Bayan. Maaaring magpatugtog ng madamdaming awit at mag-alay ng mga bulaklak sa libingan ng watawat. Mahalagang may palatandaan ang pinaglibingan ng watawat upang hindi ito basta-basta matapakan at mayurakan.]*

**PAGTATAPOS**

Tagapagpadaloy: Maraming salamat po sa inyong lahat. Dito po nagtatapos ang ating 'Huling Parangal sa Watawat ng Pilipinas'.

---

**Mga Mahalagang Paalala**:

- Iminumungkahi na ang Huling Parangal sa Watawat ay gagawin sa hapon kasabay ng pagbababa ng watawat mula sa tagdan.
- Ang sukat/laki ng siga ay dapat na naaangkop sa bilang ng watawat na susunugin upang masiguro na sapat lamang ang oras upang masunog ang mga watawat hanggang sa paghango ng mga abo nito.
- Mahigpit na ipinagbabawal ng batas ang pag-gupit at/o pagpunit sa watawat sa anumang paraan.